

Gumawa ng Iyong Plano sa Pagboto!

Alamin ang Iyong mga Opsyon sa Pagboto

Ang **PLAN.LAVOTE.GOV** ay mayroong lahat ng kailangan mo para sa Pangkalahatang Halalan (General Election) sa Nobyembre 8.

Ang LA County Registrar-Recorder/County Clerk ang opisyal na pinagmumulan ng wasto at walang kinikilingang impormasyon sa eleksiyon at mga mapagkukunan sa pagboto. Hindi kailanman naging mas mabilis o mas madali ang maging isang botante! Alamin kung paano ka maaaring maghanda para sa eleksiyon at maiparinig ang iyong tinig. Gumawa ng iyong plano sa pagboto ngayon.



Paano ako maaaring magparehistro para bumoto? Kailan ang huling araw ng pagpaparehistro para makatanggap ng balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote By Mail)?

Kung ikaw ay lumipat, bago sa LA County, o boboto sa unang pagkakataon, **dapat** kang magparehistro para bumoto hanggang Oktubre 24, 2022 upang makatanggap ng balota ng Vote by Mail. Ang pinakamadaling paraan ng pagpaparehistro ay ang pagbisita sa **PLAN.LAVOTE.GOV**. Mayroon ding mga papel na kard sa pagpaparehistro ng botante (voter registration card) na nasa karamihan ng mga gusali ng pamahalaan – tulad ng mga aklatan, tanggapan ng koreo, o tanggapan ng DMV. Kung hindi ka umabot sa huling araw ng pagrehistro, maaari ka pa ring magparehistro nang personal sa alinmang Vote Center kapag pumunta ka upang bumoto.

Maaari ko bang masubaybayan ang aking Balota ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail Ballot)?

Oo! Maaari mong masubaybayan ang iyong balota sa bawat hakbang, nang libre, sa pamamagitan ng suskrisyon sa *Where's My Ballot?* (california.ballottrax.net). Makakatanggap ka ng mga notipikasyon sa katayuan ng iyong balota sa email o text message. Pagkatapos mong maibalik ang iyong balota, aabisuhan ka kung kailan ito natanggap sa tanggapan ng Registrar para malaman mo na mabibilang ito.

Ano ang aking mga opsyon sa pagboto?

1. **Bumoto sa pamamagitan ng koreo at bumoto ng maaga.** Laktawan ang mga pila at magtipid ng oras! Bawat rehistradong botante sa LA County ay padadalhan sa koreo ng balota para sa Pangkalahatang Halalan (General Election) simula sa Oktubre 6. Ang kailangan mo lang gawin ay punan ito, lagdaan ang Return Envelope, at ibalik mo sa lalong madaling panahon pagkatanggap nito.
2. **Ihulog sa Ballot Drop Box.** Bumoto ng maaga nang hindi naghihintay. Magtatagal lang ng ilang minuto para maibalik ang iyong balota sa isa sa 400 lokasyon ng Opisyal na Ballot Drop Box. Kabilang sa pakete ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail) ang isang listahan ng mga lokasyong maginhawa at malapit sa iyo.
3. **Bisitahin ang alinmang Sentro ng Pagboto (Vote Center) simula ng Oktubre 29.** Hindi ka kailanman malayo sa isang maginhawang lugar para bumoto nang personal. Maaaring bumoto ang mga botante ng LA County sa alinmang Vote Center. Humanap ng isang Vote Center na malapit sa iyo sa **PLAN.LAVOTE.GOV**, at gawin ang iyong plano sa pagboto bago ng Araw ng Halalan.

Makakapagtipid ng oras sa Vote Center sa pamamagitan ng pagpunan sa iyong Poll Pass! Gamitin itong mabilis, madali at ligtas na online tool upang mapabilis ang personal na pagboto sa pamamagitan ng paggawa ng iyong mga pagpili bago pa umalis ng bahay. Isang hiwalay na pagpapadala sa koreo ang gagawin para sa bawat rehistradong botante na nagpapakita ng pinakamalapit na mga lugar ng Vote Center.

Ang buong listahan ng mga lugar na kinaroroonan ng Ballot Drop Box at Vote Center ay matatagpuan sa **PLAN.LAVOTE.GOV**.

Ang pagboto ay nagiging mas madali kaysa dati. Maging responsable para sa iyong kinabukasan, at gawin nating Mabilang ang Bawat Boto!

BUMISITA SA PLAN.LAVOTE.GOV PARA HIGIT PANG MATUTO

Gumawa ng Plano sa Pagboto.



OFFICIAL
INFORMATION